OKTUBRE2025

ASSEMBLIES OF GOD
CHURCHES IN NEW ZEALAND INC

# Isugo mo Ako



# Gabay sa Panalangin




# Kia Ora

Nais kong pasalamatan kayong lahat sa pagtanggap sa panawagan para sa 21 Araw ng Panalangin. Tulad ng nangyari noong nakaraang taon, umaasa kami na ang ating sama-samang panalangin, at ang pagsasabuhay ng nilalaman ng booklet na ito, ay makatutulong sa paghahanda ng daan para sa AGNZ National Conference ngayong taon. Naniniwala kami sa isang panahon na magpapalakas ng buhay at pananampalataya kasama ang Diyos at sa isa't isa, at sa pagtatapos nito ay mas magiging handa tayong "humayo".

Ang ating tema ay "Isugo Mo Ako", na hango mula sa propetang Isaias, matapos niyang maranasan ang pagkakita sa Panginoon na nakaupo sa trono, mataas at pinarangalan. Mahirap ipahayag sa salita ang karanasang iyon, at tunay lamang itong mauunawaan sa bawat isa sa atin kapag naranasan natin ang grasya kung saan tayo ay nagbabago mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian habang Siya ay ating pinagmamasdan.

Bilang isang pangkat, umaasa kami na patuloy nating mapalalim ang ating pagkaunawa na si Jesus ay karapat-dapat sa ating lahat. Nawa'y sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig at biyaya, at sa kapangyarihan at gawain ng Banal na Espiritu, ay higit Nating makilala Siya. Naniniwala kami na Siya ay humuhubog sa atin—indibidwal, bilang iglesya, at bilang isang Kilusan—upang maging buhay na pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig at buhay. Nawa'y higit Niyang maipakita ang Kanyang pamumuhay, pagkilos, at pag-ibig sa pamamagitan nating lahat.

Maging handa sa kumperensya na marinig ang Diyos na bumubulong sa bawat isa sa atin: "Sino ang ipapadala namin...?" At ito'y makikita sa parehong malalaking pagkakataon at sa mga tila maliit at walang kahulugang sandali.

Huwag magulat kung maramdaman ninyo ang tinig ng bagong nilikha sa bawat isa sa atin na sumagot: "Narito ako, ipadala mo ako."



Malugod na pagbati,


**Terry Bradley**
**AGNZ General Superintendent**

# Lunes 22, Setyembre
# *Ika – Unang- Araw*

**Noong taon na mamatay si Haring Uzias, nakita ko si Yahweh na
nakaupo sa isang napakataas na trono. Ang laylayan ng kanyang
kasuotan ay nakalatag sa buong Templo. 2 May mga serapin sa
kanyang ulunan, at ang bawat isa'y may anim na pakpak: dalawa ang
nakatakip sa mukha, dalawa sa mga paa, at dalawa ang ginagamit sa
paglipad. 3 Sinasabi nila sa isa't isa ang ganito: "Banal, banal, banal si
Yahweh na Makapangyarihan sa lahat! Ang buong daigdig ay puspos
ng kanyang kaluwalhatian."4 Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang
mga pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok. 5 Sinabi
ko, "Kawawa ako sapagkat ako ay isang makasalanan at mula sa
isang lahing makasalanan. Mapapahamak ako sapagkat nakita ko ang
Hari, si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat!" Pagkatapos, may
isang seraping sumipit ng baga mula sa altar, at lumipad patungo sa
akin. 7 Idinampi niya ang baga sa aking mga labi, at sinabi: "Ngayong
naidampi na ito sa iyong mga labi, pinatawad ka na at nilinis na ang
iyong mga kasalanan." 8 At narinig ko ang tinig ni Yahweh na nagsasabi,
"Sino ang aking ipadadala? Sino ang magpapahayag para sa atin?"
Sumagot ako, "Narito po ako; ako ang inyong isugo!"   Isaias 6:1**

## Panalangin – Mga Punto:

- Patawarin Mo kami, Ama, sapagkat kami'y mga taong may maruming labi.Dalisayin mo ako ng isopo, at  magiging  maputi ako kaysa niyebe. Likhain mo sa akin ang isang malinis na puso, at ipanumbalik sa akin ang isang matuwid na Espiritu sa aming mga gawain (Ps 51)
- Panginoong Jesus, salamat sa pagbuhos ng Iyong dugo na naglilinis sa amin higit pa sa kulay ng nyibe, at bigyan kami na lugar sa sambahayan ng Diyos. Salamat sapagkat ang Iyong dugo ay patuloy na nagpapahayag ng mas mabuting salita sa aming mga pamilya, simbahan, at bansa.
- (Juan 15) Tanggalin Mo ang mga bagay na hindi nararapat sa aking buhay; putulin ang hindi mabunga sa aking puso at sa aming mga simbahan. Sa Iyong awa, bigyan Mo kami ng karunungan, kaalaman, kaparehong isipan, at mga estratehikong pakikipagsosyo upang humayo sa buong mundo at ipahayg ang buo mong plano.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na misyon: Ipanalangin ang mga Ina, Ama, at pamilya sa iyong bayan/lungsod. Ipanalangin sa Diyos ang lahat ng MPs at mga naglilingkod sa ating parlyamento. Ipanalangin sina Julian at Monica Hawken (China, NZ based), Robert at Margaret Hunt (Pilipinas, NZ based), Paul at Jung-Dae Lee (Turkey).







# Martes 23, Setyembre
# *Ika – Dalawang- Araw*

**13 dahil sinasabi sa kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon." 14 Paano naman sila tatawag sa kanya kung hindi sila sumasampalataya? Paano sila sasampalataya kung wala pa silang napakinggan tungkol sa kanya? Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila? 15 At paanong makakapangaral ang sinuman kung hindi siya isinugo? Tulad ng nasusulat, "O kay gandang pagmasdan ang pagdating ng mga nagdadala ng Magandang Balita!"**
**Roma 10:13-15**

## Panalangin – Mga Punto:

- Banal na Espiritu, pinupuri kita sa pagtitiwala Mo sa akin at sa pagpapadala sa akin sa aking komunidad kasama ang pinakamagandang balita na aking narinig. Ipinahayag ko ang aking pananalig sa Mabuting Balita ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Jesus. Pinagtitibay ko ang aking paniniwala na ang Mabuting Balita ni Cristo ay kapangyarihan ng Diyos na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng sumasampalataya. (Roma 1:16)
- Idinideklara namin na ang aming Amang nasa langit ang humirang sa Assemblies of God NZ para sa kanya. Na kami ay tinawag upang gumawa ng samahan at tanggapin ng may pananampalataya na magkasamang naglalakbay. Na tayo ay kanyang isinugo,kapit–bisig bilang isinugo sa mga Tao ng bawat wika at bawat tribo.
- Idinideklara namin na sa pamamagitan ng pagbabahagi ng Mabuting Balita, ang yapak at ang impluwensya ng Assemblies of God sa NZ ay higit na dodoble sa Aotearoa pagsapit ng 2033… na ang aming samahan ay magiging bukal ng pagpapala sa aming bansa at sa iba pang mga samahan.
- Ipinapahayag namin na sa pamamagitan ng pagbabahagi ng Mabuting Balita, ang impluwensya at bakas ng Assemblies of God sa NZ ay higit na dodoble sa Aotearoa pagsapit ng 2033… na ang aming kilusan ay magiging bukal ng pagpapala sa aming bansa at sa iba pang kilusan.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Ipanalangin ang komunidad ng negosyo sa iyong bayan/lungsod. Ipagdasal ang midya, tagapagbalita, at mamamamahayag sa NZ. Ipanalangin sina Avi at Robyn Mani (Turkey), M at D M (Asia/Turkey), Kevin at Denise Reid (NZ based).

# Miyerkules 24, Setyembre
## *Ikatlong -Araw*




**upang maging lingkod ni Cristo Jesus bilang pari sa mga Hentil. Ipinapangaral ko sa kanila ang Magandang Balita ng Diyos upang sila'y maging handog na kalugud-lugod sa kanya, dahil sila ay ginawang banal na ng Espiritu Santo.**
**Mga Taga Roma 15:16**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama, salamat sa pagbibigay sa amin ng salita upang maipahayag sa aming mga komunidad na buhay at aktibo. Nawa'y ang aming mga tinig ay makapagpalaya ano pa ang hihigit sa tabak na magkabila ang talim.
- Dalangin namin na ang Iyong salita ay tumagos hanggang sa pagitan ng kaluluwa at espiritu, kasu-kasuan at utak, na humuhusga ang mga kaisipan at pag-uugali ng puso ng mga makarinig.
- Idinideklara namin na sa darating na mga taon, sa lahat ng aming mga simbahan, ang buong ebanghelyo o salita at sa gawa ay maipangaral, na ang mga tanda at pagkamangha ay susunod sa makapangyarihang utos ng proklamasyon ng krus at pagkabuhay na muli ni Cristo.
- Banal na Espiritu pinupuri ka namin sa pagpapahintulot sa amin na tumayo sa pagitan Mo at sa mundong walang pananalig. Turuan Mo kami at gabayan upang maging higit na bahay panalangin upang ang lahat ng bansa ay makasumpong ng tahanan sa Iyo.
- Aming Diyos, hinihiling namin na palawakin at palalimin ang aming kakayahang manalangin para sa mga hindi mananampalataya na kabahagi namin sa buhay. Nawa'y ang lupang hindi pa natataniman sa aming mga komunidad ay maararo ng aming mga panalangin.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Pagpalain ang sining/pagkamalikhaing sektor sa iyong lungsod/bayan. Ipanalangin sa Diyos ang mga nasa sistema ng hustisyang kriminal sa NZ: mga pulis, mga abogado, mga hukom, mga opisyal ng koreksyonal, ang probisyunal na serbisyo , at mga opisyal ng korte. Ipanalangin sina John at Mary Elliott (NZ based), Jason at Judy Fawcett (South Africa), Karen Gower (UK, Israel).




## Huwebes 25, Setyembre


# *Ika- apat na Araw*

**18 Wala akong pinapangahasang ipagmalaki kundi ang ginawa ni Cristo upang maakit ang mga Hentil na sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng aking mga salita at gawa, 19 sa tulong ng mga himala at mga kababalaghan, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos.[a] Kaya't mula sa Jerusalem hanggang sa Ilirico, ipinangaral ko ang Magandang Balita tungkol kay Cristo. Roma 15:18-19**

## Panalangin – Mga Punto:

- Panginoong Jesus, salamat sapagkat kami'y "nalinis dahil sa salitang sinabi Mo sa amin." Ang aming hangad ay manatili sa Iyo, tulad ng pananatili Mo sa amin. Ang aming hanagad ay mamunga sa pamamagitan ng pananatili sa Iyo, ang tunay na sanga. (Juan 15)
- Banal na Espiritu, hinihiling namin ang panibagong pagbuhos ngayon. Upang maipakita Mong muli sa amin na Ikaw ay mas dakila kaysa sa nasa mundo kung saan kami ipinapadala at na ang mga sandata ng aming pakikidigma ay may banal na kapangyarihan upang sirain ang mga kuta.
- Idinideklara namin ang buhay na dugo ni Hesus na nagbibigay ng kapangyarihan laban sa lahat ng pumipigil sa aming mga sambahayan, mga simbahan, samahan at bansa. Idinideklara namin na ang dugo ni Jesus ay nagsasabi ng mas mabuting salita kaysa sa anumang isinulat o sinabi tungkol sa amin ng mga kaaway ng Diyos.
- Idinideklara namin na sa pamamagitan ng bawat lalaki, babae at bata sa aming simbahan, ang presensya ng Banal na Espiritu ay higit na mararamdaman. Sa pamamagitan ng pananampalataya at pagpapatong ng kamay, makikita namin ang banal na Espiritu ay kikilos ng may kapangyarihan na sa pamamagitan namin ay makapagbago ng buhay
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Ipagdasal ang iyong mayor at konseho. Ipagdasal ang mga guro, managagaral, at tagapag-alaga ng mga bata sa NZ. Ipanalangin sina Colin at Jenny Ayling (Mozambique, NZ based), Val Bateup (Thailand, NZ based), Malcolm at Linda Bayliss (SE Asia, NZ based).

# Biyernes 26, Setyembre
## *Ika- limang -Araw*




"20 Ang hangad ko'y ipangaral ito sa mga lugar na hindi pa nakikilala si Cristo, upang hindi ako magtayo sa pundasyon ng iba. 21 Subalit tulad ng nasusulat, "Makakakilala ang hindi pa nakakabalita tungkol sa kanya. Makakaunawa ang hindi pa nakakarinig tungkol sa kanya."
Roma 15:20-21

## Panalangin – Mga Punto:

- Amang Diyos, salamat na pinagbuklod Mo kami sa iisang pamilya ngAssemblies of God. Sa pamamagitan ng aming pangnay na si Jesus, tayo ay kabahagi ng kaparehas na pangako  at magparehong  mana. Nagagalak tayo sapagkat ang dugo ni Jesus ang sumira sa bawat pader at nag–alis ng bawat hadlang.
- Amang nasa langit kami ay lubos na nagpapasalamat na ipinadala ng Iyong Anak na si Jesus,na nagpakita sa amin kung paano ba ang "ipinadala" upang gawin ang Iyong gawain at magtanim ng bagong komunidad ng pananampalataya.
- Patawarin Mo kami kung ang aming kasiyahan sa pagiging natagpuanay humadlang sa kagalakan bilang ipinadala.
- Idinideklara namin na sa kumperensya at sa mga darating na taon,ang samahan ng Assemblies of God sa NZ ay makikilala sa pagmamahal namin sa mga hindi pa nakakakilala sa Iyo.
- Baguhin Mo ang aming puso: upang ang aming pagmamahal sa isa'tisa ay lumiwanag at maging kaakit–akit sa mga hindi nananalig.
- Banal na Espiritu, hinihiling namin ang biyaya ng kababaang–loob ang manatili sa aming samahan. Upang kami ay makapagbukas ng pinto para sa bawat pagkakatawag, sa bawat kaloob, sa bawat buhay. Upang bumangon at maipadala sa mga lugar kung saan ang bagong simbahan ay maaaring lumago. Nawa'y sa Aotearoa NZ, makalap ang ani nakarapat–dapat sa sakripisyo ni Jesus.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Pagpalain at ipagdasal ang lahat ng simbahan malapit sa iyong tirahan. Hilingin sa Diyos ng karunungan at bagong pagpapahid para sa mga lider ng lahat ng denominasyong Kristiyano sa NZ. Ipanalangin sina Heather Bourn (France), Max at Dorothy Chismon (SE Asia, NZ based), Benjamin at Phoebe Coenradi (Africa).




## Sabado 27, Setyembre

# *Ika- Anim na Araw*

**13 Sinabi ni Yahweh,"Ang lingkod ko'y magtatagumpay sa kanyang gawain; ibabantog siya at dadakilain. 14 Marami ang nagulat nang siya'y makita,dahil sa pagkabugbog sa kanya, halos hindi makilala kung siya ay tao. 15 Ngayo'y marami rin ang mga bansang magugulantang; pati mga hari kapag siya'y nakita ay matitigilan.Makikita nila ang hindi nabalita kahit na kailan, at mauunawaan ang hindi pa narinig ninuman!"**
**Isaias 52:13-15**

## Panalangin – Mga Punto:


- Patawarin Mo kami, Ama sa Langit, sa mga panahong ayaw naming ipagpatuloy ang pagbubuhos ng aming krus tulad ni Jesus. Hinihiling namin ang Iyong habag at biyaya. Upang bigyan Mo kami ng bagong pangitain ng Iyong kabutihan na magdudulot sa amin ng pagsisisi, upang bilangin ang halaga, kumilos ng may karunungan, at piliin ang magpakababa at pasaning muli ang krus.
- Bigyan Mo kami ng malumanay na mga mata upang makita ang komunidad na ipinadala Mo sa amin ayon sa Iyong pananaw. Basagin Mo ang aming puso sa mga bagay na nakabasag sa Iyo. Baguhin Mo ang aming puso. Maging dahilan upang mahabag sa kahalintulad ng mga tupang walang pastol, maging mabuti ang aming kalooban.
- Idinideklara namin na ang Assemblies of God sa NZ ay isang samahang ipinadala ni Jesus Cristo sa mga pamayanan, bayan, at lungsod ng aming bansa. Ipinadala upang ipahayag ang kalayaan kay Cristo, bigkisin ang sawing kalooban at pagalingin ang may sakit.
- Idinideklara namin na ang pagpapahid ng mga Apostol,ng mga Propeta, ng mga Ebanghelista, ng mga Pastol, at mga Guro ay babangon sa aming samahan. Ang bawat lalaki, babae, at bata ay magiging handa, at pagkatapos ay ipapadala upang anihin ang ani.
- Ipinapanalangin namin si Pastor Terry, ang aming Tagapangasiwa, at ang aming grupo ng ehekutibo , na pagkalooban sila ng matalinong estratehiya at lakas ng loob upang pamunuan ang aming samahan ayon sa Iyong direksyon.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Ipagdasal ang mga Tagapag-alaga at Manggagawang Panlipunan sa inyong bayan/lungsod. Ipanalangin ang mga modernista at mamumuhunan na dumami sa NZ. Ipanalangin sina Sam at Carol Soukotta (Indonesia), Rod at Lynley Talbot (Africa).

# Linggo 28, Setyembre
# *Ika -Pitong -Araw*

**"14Datapuwa't salamat sa Dios, na laging pinapagtatagumpay tayo kay Cristo, at sa pamamagitan natin ay ipinahahayag ang samyo ng pagkakilala sa kaniya sa bawa't dako. 15Sapagka't sa mga inililigtas, at sa mga napapahamak ay masarap tayong samyo ni Cristo sa Dios; 16Sa isa ay samyo mula sa kamatayan sa ikamamatay; at sa iba ay samyong mula sa kabuhayan sa ikabubuhay. At sino ang sapat sa mga bagay na ito?"  2 Corinto 5:11 NLT**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama sa Langit, pinaparangalan Ka namin bilang Diyos na hindi tumitigil sa iyong gawain at palaging nasa misyon. Ang Iyong walang humpay na paghahanap sa mga nawawala ay Iyong pasyon at pangunahing layunin. Ama, ikinagagalak namin bilang Iyong mga anak na maging kabahagi ng DNA sa Iyo. Ako, Ama, itinatalaga ko ang ang aking sarili sa  gawain na ibinigay Mo sa akin upang gawin ang layunin mo.
- Patawarin Mo kami sa mga panahong kami ay natakot, makasarili, o nahihiya, at nabigo kaming ibahagi sa iba ang patungkol sa kagalakan na makilala ka. Patawarin Mo kami sa hindi pagbabahagi ng mga biyaya ng aming relasyon sa Iyo. Ipinapahayag namin ang aming pagwawalang bahala at kabulagan sa espiritwal na kalagayan ng aming kumunidad.
- Idinideklara namin na sa pagsulong, ang Assemblies of God sa NZ ay makikita ang sarili bilang manggagawa na inilagay sa hinog na anihan, at ang aming pagkakilanlan ay "mga manggagawa ng Diyos, isang sambahayan na itinayo Niya para sa pagtitipon ng mga bansa."
- Pinasasalamatan ka naming sa Iyong pagpapadala ng mga Apostoliko,Propesiya,  Ebanghelista, Pagpapastor, at Gurong kaloob sa aming samahan. Pinasasalamatan ka namin sa kapakumbabaan at pagmamahalan sa isa't isa na nagbibigay daan upang piliin ang kaloob ng ibang tao.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Ipananlangin ang pag-asa ang gumising sa mga puso ng mga nalululong at nalulungkot sa inyong lungsod/bayan. Ipanalangin na sa buong Aotearoa, ang puso ng mga bata ay manumbalik sa kanilang mga ama at ang mga puso ng mga ama ay manumbalik sa kanilang mga anak. Ipanalangin sina Hilary at Jackie Tumusiime (Uganda), Robin at Margaret Aim (Kenya), Peter at Helen Brown (Philippines).






## Lunes 29, Setyembre
# *Ika- Walong -Araw*


**11 Kaya nga, dahil may takot kami sa Panginoon, sinisikap naming hikayatin ang mga tao na manumbalik sa kanya. Alam ng Diyos ang tunay naming pagkatao; at inaasahan kong kilalang-kilala rin ninyo ako.**
**2 Corinto 5:11 NLT**

## Panalangin – Mga Punto:

- Banal na Espiritu, pinasasalamatan ka namin sa kapangyarihan na maganap ang responsibilidad na ibinigay Mo sa amin. Nagagalak kami na ipinapadala Mo kami ng magkahawak–kamay upang baguhin ang aming komunidad. Ang aming mga simbahan ay pinag–uugnay bilang mga buhay na bato upang bumuo ng mga tahanan kung saan nananatili ang Iyong kaluwalhatian.
- Patawarin Mo kami kapag sa aming kahinaan, nabigo kaming makita ka sa isa't isa at nagsalita nang walang patutunguhan. Bigyan Mo kami ng biyaya upang magpatawaran at mga mata upang makita ang Iyong kadakilaan sa amin. Panginoon, pinagsisihan namin ang aming pagmamataas, na nagawa naming sa aming sarili at gagawin naming isipin na mas mainam ang iba kaysa aming mga sarili.
- Idinideklara namin na sa aming kilusan, ang espiritu ng biyaya at kababaang–loob ay magdudulot na mabuksan ang langit. Sa bawat simbahan,ang Iyong bayan ay tatanggap ng sariwang kapahiran para sa ani.Mga bagong kaloob para sa misyon at paglilingkod sa mga lugar,komunidad, at simbahan na ipinadala Mo sa amin.
- Idinideklara namin na ang aming samahan ay malalagyan pagkatakot sa Panginoon. Ang Iyong bayan ay "maging banal tulad ng kayo'y banal.' Na iyong lilinisin ang Iyong templo sa iyong kahabagan at sa iyong habag puputulin mo ang lahat ng hindi gumagalang sa iyong pangalan.
- Lokal/Nasyonal/Pandaigdig na Misyon: Idiklara ang pagpapala at ang pagbuhos na Banal na Espiritu sa Isla ng Timog sa ibaba. Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Peter Neklen at iba pang mg Pastor sa rehiyon. Ipagdasal ang proteksyon at pagpapahid kay Ps Peter Neklen at sa iba pang pastors sa rehiyon. Ipagdasal ang pagpapala, tapang, probisyon, at karunungan para sa ating Tagapangasiswa Ps Terry at Rowena Bradley. Ipanalangin sina Kay Fountain (Asia Pacific, NZ based), Allen at Elizabeth O'Loughlin (UK), Doug at Kalinda Lichtwark (East Asia), M at K T (SE Asia).

## Martes 30, Setyembre

# *Ika – Siyam na Araw*




**"18 Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya kaming mga kaibigan at hindi na kaaway, at pinagkatiwalaan niya kami upang maglingkod nang sa gayon ang mga tao ay maging kaibigan rin niya. 2 Corinto 5:18**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama naming Diyos, kami'y humahanga sa Iyong mga pangako at sa Iyong katapatan sa aming samahan sa loob ng maraming dekada. Pinasasalamatan ka namin sapagkat sa kabila ng lahat ay inilagaan mo kami bilang iyong bayan .
- Nagpapasalamat kami sa bisyon, sa rebelasyon, biyaya at kapangyarihang ibinigay sa pandaigdigang A/G Movement upang dumoble ang laki nito bago mag-2033.
- Banal na Espiritu, may paggalang naming ipinapahayag na hindi ito mangyayari sa pamamagitan ng lakas o kapangyarihan ng tao, kundi sa Iyong kapangyarihan. Panatilihin Mo kaming mapagpakumbaba at maingat sa Iyong mga paraan, sapagkat madali kaming nagtitiwala sa sariling lakas.
- Inaanyayahan Ka naming ipakita kung saan hindi si Jesus ang Panginoon. Halika at ipakita kung may masamang paraan sa aming kalooban. Pumarito ka sa amin at bigyan kami ng tapang na gibain ang hindi banal at hindi angkop sa aming ipinapadala.
- Pinagtitibay namin at idinideklara na sa kumperensya at lampas pa sa Assemblies of God sa NZ ay isang samahang na masunurin sa tinig ng Diyos.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Idineklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa mid-South Island. Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Jonathan Hales at ang iba pang pastor sa rehiyong iyon. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon, at karunungan para sa Deputy Superintendent at lider ng Samoan ethnic group, sina Ps Lau at Nancy Faletutulu. Ideklara ang doble na bahagi ng pagpapala at ang pagpapalabas ng mga Samoan church-planters. Ipanalangin sina John at Linda Watson (NZ base), David at Pushpa Waters (SE Asia), Ken at Erla Virtue (Philippines).




# Miyerkules 1, Oktubre
# *Ika – Sampung- Araw*

**19 Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ni Cristo, ang mga tao'y ibinilang ng Diyos na kaibigan, at hindi na niya tinatandaan ang kanilang mga kasalanan. At kami naman ay inatasan niyang ipamalita ito."**
**2 Corinto 5:19**

## Panalangin – Mga Punto:

- Nagpapasalamat kami sa masigasig na pag–ibig sa Panginoong Jesus na nagbigay inspirasyon sa aming mga espirituwal na magulang upang ialay ang kanilang buhay para sa isang Banal na Spiritu/Pentekostal na saksi sa Aotearoa.
- Ama naming Diyos, hinihiling namin na tulad ng ginawa Mo noong sinindihan mo ang unang apoy ng Pentecost sa aming baybayin... muli mong pukawin ang unang pag–ibig... at ipakita sa amin kung saan kami natali ng takot sa opinyon ng iba.
- Panginoong Jesus, nagpapasalamat kami na ang apoy ng Pentekost ay nagliliyab sa mga lalaki, babae, batang lalaki at batang babae ng bawat wika, tribo at henerasyon sa aming bansa. Salamat Banal na Espiritu na nakahanap Ka ng tahanan sa amin at kami rin ay nakahanap ng tahanan sa Iyo.
- Idinedeklara namin ang ibat –ibang kultura, salinlahi, ang magkakasamang pagpapala ng Diyos at Ama ng aming Panginoong Jesus Cristo sa aming kumperensya at sa aming kilusan sa mga darating na taon.
- Idinedeklara namin ang isang bagong panahon ng pag–asa at pananampalataya kay Jesus Cristo para sa Aotearoa NZ. Na isang bagong awit ang aawitin ng mga taga–New Zealand, isang awit ng kagalakan sa kabutihan ng Diyos at sa ginawa ni Jesus.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Idineklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa upper South Island. Hingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Ross Ferguson at ang iba pang pastor sa rehiyon. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa ehekutibong myembro at Te Roopu Maori leader, sina Ps Mina at Dennis Acraman. Idineklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng aming Maori na simbahan at ang pagpapalabas ng mga Maori church–planters. Ipanalangin sina Solomon at Sola Chand (Nauru), J at C M (Indonesia), Hamish at Haidee Betts (Singapore).


## Huwebes 2, Oktubre

# *Ika - Labin -isangAraw*

**"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating ang Banal na Espiritu sa inyo; at kayo'y magiging aking mga saksi sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng mundo." Gawa 1:8**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama naming Diyos, salamat at ipinadala mo ang Banal na Espiritu, sa Kamangha-manghang Tagapayo, ang nag-estratehiya ng aming misyon, na nagbibigay sa amin ng Iyong makapangyarihang kapangyarihan upang talunin ang mga gawa ng diyablo.
- Idinedeklara namin ang makapangyarihan at tuloy-tuloy na pagbuhos ng Banal na Espiritu sa New Zealand. Na papalitan at babaguhin mo ang iyong iglesya ng bagong balat na sisidlang angkop sa bagong alak.
- Idinedeklara namin ang pagtatanim ng mga bagong simbahan at bagong komunidad ng pananampalataya. Na sa mga darating na taon, pupunuin mo ang balat na sisidlan ng alak ng bagong alak para sa paggawa ng mga disipulo. Mga disipulo na ipadadala upang aanihin ang ani at idisipulo ang mga bansa.
- Idinedeklara namin ang pagkaputol ng mga tanikala, sumpa, adiksyon, karamdaman at sakit sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. Isinasamo namin ang dugo ni Jesus sa aming whenua (lupa). Sa pangalan ni Jesus, ginagapos namin ang mga kaaway ng Diyos, sinisira ang mga kuta, at inuutusan ang mga demonyo na umalis.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Rehiyon ng Wellington. Hingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Paul White at ang iba pang pastor sa rehiyong iyon. Ipanalangin si Pastor Paul White bilang tagapagtanggol ng kalalakihan sa aming kilusan; ipanalangin na magtaas ang Diyos ng mga lalaki na may espirituwal na lakas at kapangyarihan upang maglingkod sa kanilang pamilya, kapitbahayan, simbahan at lugar ng trabaho. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, panustos at karunungan para sa Exec member na sina Ps Mike at Michelle Coe. Bigyan ng biyaya at awtoridad upang palakasin at pakawalan ang mga church-planters at pioneer sa bagong teritoryo. Ipanalangin sina Philip at Sarah Hawken (Kenya) at sina Dave at Heidi Fraser (Cambodia).






## Biyernes 3, Oktubre

# *Ika – Labin-dalawang Araw*

**20 Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo: makipagkasundo kayo sa Diyos."**
**2 Corinto 5:20**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama naming Diyos, kami'y yumuyuko sa Iyo, ibinibigay namin ang karangalan, papuri at lahat ng kaluwalhatian para sa Iyong ginawa at pangakong gagawin sa aming mga pamilya, sa aming mga lungsod, sa aming mga simbahan at sa aming bansa.
- Namamangha kami sa paraan ng iyong pagtatahi sa amin at paggawa ng bagong bagay sa aming samahan. Ama, ipagpatuloy mo ang Iyong plano sa amin, tapusin mo ang Iyong sinimulan, biyayaan mo kami sa kumperensya at sa mga darating na taon. Sa kapakanan ng iyong pangalan, gumawa ng malalim na gawa sa amin.
- Aming Diyos, nagpapasalamat kami sa mga tao sa bansa. Salamat sa Tangata whenua na nakarinig at yumakap sa ebanghelyo at ipinadala upang mangaral at magtanim ng mga simbahan. Salamat sa apoy ng pagbuhay na minsang sumalubong sa mga iwi (tribo) at hapu (subtribo). Banal na Espiritu, hiling namin na palabasin Mo ang apoy na ito. Tinatawagan namin ang mga Maori mula sa bawat tribo sa bansa (motu) upang lumapit kay Jesus at matagpuan ang buhay sa Kanyang pangalan.
- Panginoong Jesus, salamat sa bagong pananaw at mga estratehiya upang makagawa ng mga disipulo at magtanim ng mga simbahan. Dalangin namin na sa aming mga simbahan, ang daing ng mga sugatan, mga nasasaktan, ang mga nalululong, mga walang tahanan, ay makikita ng may malasakit at maririnig ng may habag. "Isugo Mo ako, Panginoon, ipadala Mo ako ng may pag-ibig, ipadala Mo ako ng may biyaya, Isugo Mo ako sa paglalakbay sa pananampalataya na may kapangyarihang palayain ang mga bihag."
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa West Coast North Island. Hingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Paul Cornish at ang iba pang pastor sa rehiyong iyon. Ipanalangin si Ps Pip Batten bilang tagapagtanggol ng kababaihan sa aming samahan; ipanalangin na magtaas ang Diyos ng kababaihan na may espirituwal na lakas at kapangyarihan upang maglingkod sa kanilang pamilya, kapitbahayan, simbahan at lugar ng trabaho. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, panustos at karunungan para sa Ehikotibong myembro na sina Ps Sanjai at Sunitha Kandregula.


## Sabado 4, Oktubre

# Ika – Labin-tatlong Araw

**"10 Kaya't papupuntahin kita sa Faraon upang ilabas mo sa Egipto ang aking bayang Israel."11 Sumagot si Moises, "Sino po ako para humarap sa Faraon at ilabas ang bayang Israel mula sa Egipto?"12 "Huwag kang mag-alala, hindi kita pababayaan. At ito ang magiging katibayan na ako ang nagsugo sa iyo: sa bundok ding ito sasambahin ninyo ako kapag nailabas mo na sa Egipto ang aking bayan," sabi ng Diyos. Exodo 3:10-12**

## Panalangin – Mga Punto:

- Panginoon ng ani, narinig namin ang iyong tawag sa amin. Kami, ang Assemblies of God sa NZ, ay binilang ang halaga at sinasabi namin, "Oo." Kami ay magtutungo bilang mga Apostol, Propeta, Evangelista, Pastol (mga Pastor ) at pupunta kami bilang mga Guro.
- Tulad ng ipinadala ka, Panginoong Jesus, ipinapadala namin ang isa't isa. Pinasasalamatan ka namin at tinatanggap namin ang iyong bahagi na ipinagkaloob mo sa amin upang mapagpala ang iba.
- Patawarin Mo kami, Panginoong Jesus, sa paglimot, sa hindi pagpapahalaga, at sa maling paggamit ng mga kaloob Mo. Bigyan Mo kami ng sariwang paningin upang makita, at sariwang mga pandinig upang marinig ang isa't isa.
- Tumingin kami sa kaliwa at kanan, nakikita namin, pinakawalan at tinatawag namin ang mga Apostol, Propeta, Evangelista, Pastol at Guro. Idinedeklara namin ang bagong panahon para sa Assemblies of God sa NZ; nakikita namin ang sinerhiya ng limang kaloob na ipinapadala sa anihan, nakikita namin ang patuloy na pagbuhay at ang paggawa ng mga disipulo sa mga susunod na dekada.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa East Coast North Island. Hingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Sajan Easow at ang iba pang pastor sa rehiyon. Ipanalangin na ang ating samahan ay maging isang bahay ng kaligtasan at kagalakan para sa maraming bata. Ideklara ang pagdidisipulo sa mga bata sa aming mga simbahan. Suportahan si Ps Sarah Coupe sa kanyang pamumuno at sa kanyang tungkulin sa pag-aasikaso ng aming pananalapi at kontribusyon sa Pambansang Opisina.






# Linggo 5, Oktubre

# *Ika – Labing- apat na Araw*

**13 Sinabi ni Moises, "Pupunta ako sa mga Israelita at sasabihin sa kanilang ako'y sinugo ng Diyos ng aming ninuno. Ngunit ano po ang sasabihin ko kung itanong nila kung sino ang nagsugo sa akin?"**
**14 Sinabi ng Diyos, "Ako'y si Ako Nga.[b] Sabihin mo sa mga Israelita na sinugo ka ng Diyos na ang pangalan ay 'Ako Nga'. Exodo 3:13-14**

## Panalangin – Mga Punto:

- Gabayan ng Banal na Espiritu at gamitin ang mga salita mula sa 1 Pedro 2 bilang deklarasyon sa mga indibidwal, lungsod, simbahan at bansa… Ilagay ang mga pangalan ng tao, iyong lungsod, simbahan at bansa sa mga panaklong [        ] ayon sa paggabay ng Espiritu.
- …Sapagkat kayo [        ] ay isang bayang pinili. Kayo [        ] ay mga banal na pari, isang banal na bansa, pag-aari ng Diyos. Bilang resulta, kayo [        ] ay maipapakita sa iba ang kabutihan ng Diyos, sapagkat tinawag Niya kayo [ ] mula sa kadiliman patungo sa Kanyang kamangha-manghang liwanag at ipinadala kayo upang gumawa ng dakilang gawa sa Kanyang makapangyarihang pangalan.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Bay of Plenty. Hingin sa Diyos na protektahan at pahiran sina Ps Dennis at Mina Acraman at ang iba pang pastor sa rehiyong iyon. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa Exec member na sina Ps Joseph at Lisa McCauley.
- Ipanalangin ang kapayapaan ng Jerusalem at ang pagbuhay muli sa Israel. Na si Jesus ay tanggapin bilang Mesiyas at ipagdiwang bilang katuparan ng mga sinaunang pangako sa mga Hudyo.


## Lunes 6, Oktubre

# *Ika – Labin-limang Araw*

**14 Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Lumakad ka at gamitin mo ang buong lakas mo upang iligtas ang Israel mula sa mga Midianita. Ako mismo ang nagsusugo sa iyo."15 Sumagot si Gideon, "Ngunit Panginoon, paano ko maililigtas ang Israel? Ang aming angkan ang pinakamahina sa lipi ni Manases, at ako naman ang pinakahamak sa pamilya namin."16 Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Makakaya mo ito sapagkat tutulungan kita. Matatalo mo ang mga Midianitang ito na para ka lang lumaban sa isang tao."**
**Hukom 6:14-16**

## Panalangin – Mga Punto:

- Mahabag ka sa amin o  Diyos, upang ang matatag na pananampalata ay sumiklab sa buong samahan namin. Nangangako kaming 'Maging matatag at matapang, hindi matakot at hindi panghinaan ng loob.' Bigyan Mo kami ng paningin upang makita na 'Ang Panginoon nating Diyos ay kasama natin saan man tayo magpunta.' (Jos 1:9, Mat 28)
- Gawing palagi naming kamalayan na 'mas dakila ang kasama natin kaysa sa kalaban natin.' (2 Hari 6:16)
- Patawarin Mo kami Ama sa nalimitahan ng sa aming sariling pang–unawa .Patawarin mo kami sapagkat nahadlangan ng aming inaaasahan na aming magagawa sa nakalipas na karanasan. Nagsisisi kami at lumalapit sa Iyo para sa mas malalim na kaalaman ng Iyong kapangyarihan sa loob namin.
- Idinedeklara namin ang bagong panahon ng matapang na pananampalataya para sa misyon na nag– aalab sa puso ng kabataan at matanda. Panahon ng mabilis na pagsunod sa mga bagong estratehiya, sa paggabay ng Banal na Espiritu at sa pagpapahintulot sa kapangyarihan ng Diyos na dumaloy sa amin.
- Ipinapahayag namin na ang aming Diyos ay lakas at kalasag ng Assemblies of God sa NZ. Na Siya ang Panginoon ng Ani na nagbabantay sa amin araw at gabi upang gabayan kami habang pinararami namin ang aming impluwensya at bakas bago mag–2033.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Waikato. Hingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps Carolien Moxham at ang iba pang pastor sa rehiyon. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, panustos at karunungan para sa Exec member na sina Ps Paul at Kerry Gordon.






## Martes 7, Oktubre

# *Ika – Labing -Anim na Araw*

**“16 Tumayo ka! Nagpakita ako sa iyo upang italaga ka bilang aking lingkod at magpatotoo tungkol sa mga nakita mo ngayon at sa mga ipapakita ko pa sa iyo. 17 Ililigtas kita mula sa mga kababayan mong Judio at gayundin sa mga Hentil kung saan kita isusugo Gawa 26:16-17**

## Panalangin – Mga Punto:

- Panginoong Jesus, tinatanggap namin ang Iyong ginawa para sa amin. Hinawakan Mo ang aming mga labi ng uling at ginawa Mo kaming Iyong ipinadalang tao. Tinatanggap namin ang responsibilidad; kami ang Iyong bayan na tinawag sa Iyong pangalan.
- Kami, ang Assemblies of God sa NZ, nagpapakumbaba at nananalangin.
- Nagpapakumbaba kami at hinahanap ang Iyong mukha. Lumalayo kami sa aming mga masamang gawain, sa lahat ng makamundong, espiritwal na di-makadiyos, at demonyong bagay.
- Sa Iyong kahahabagan, dinggin Mo kami mula sa langit habang kami’y nananambitan para sa mga taong ipinadala sa amin. Patawarin Mo ang aming mga kasalanan at ibalik ang aming bansa. Buksan Mo ang aming mga paningin at pandinig at maging mapanuri sa bawat panalangin namin.
- Idinedeklara namin ang Espiritu ng Karunungan mula sa itaas para sa mga pinuno ng aming Kilusan at ng aming bansa. Karunungan mula sa Banal na Espiritu na dalisay, mapagmahal sa kapayapaan, banayad, handang magbigay-daan sa iba, puno ng awa at mabuting gawa, patas at tapat. (Santiago 3)
- .Idinideklara namin ang pagbangon ng mga tagapamayapa sa aming samahan at sa buong Aotearoa NZ. Mga tagapamayapa na magtatanim ng punla ng kapayapaan at anihin ang bunga ng katuwiran.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa rehiyon ng Auckland. Hilingin sa Diyos ang proteksyon at pagpapahid ng Banal na Espiritu kay Pastors Binuraj at Chris Sola, pati ang iba pang pastor sa rehiyon. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, panustos at karunungan para sa myembro ng ehikotobo at lider ng Tongan ethnic group Ps Anahina at Vosailangi Sikalu. Ideklara ang doble-bahaging pagpapala sa lahat ng Tongan churches at ang pagpapalaya ng Tongan church-planters.
- Ipanalangin din ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa Indian ethnic leader Ps Binuraj, at ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng  simbahan ng mga Indiano at pagpapalaya ng Indianong tagapagtanim ng simbahan.


## Miyerkules 8, Oktubre

# *Ika – Labin- Pitong Araw*

**“10 Sa Damasco ay may isang alagad na ang pangala’y Ananias. Tinawag siya ng Panginoon sa pamamagitan ng isang pangitain, “Ananias!” “Ano po iyon, Panginoon,” tugon niya. 11 Sinabi ng Panginoon, “Pumunta ka sa kalyeng tinatawag na Tuwid, sa bahay ni Judas, at ipagtanong mo ang isang lalaking taga-Tarso na ang pangala’y Saulo. Siya’y nananalangin ngayon. 12 [Sa isang pangitain],[a] nakita ka niyang pumasok sa kinaroroonan niya at pinatungan mo siya ng kamay upang siya’y makakitang muli. Gawa 9:10-12**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama naming Diyos, nagpapasalamat kami sa Iyong kahanga-hangang katapatan sa samahan ng Assemblies of God sa buong mundo. Salamat sa biyaya at pagkakaisa upang makamit ang layunin na madoble ang aming bilang sa 2033. Nakatingin kami sa yo,na bibigyan mo kami ng patuloy na pananampalataya na madoble ang aming pandaigdigang bakas ng yapak.
- Dito sa Aotearoa NZ, isinisigaw naming ang “Oo,” sinasabi namin “ babangon Ako at susunod!” Ama, bigyan mo ako ng mga tainga upang marinig ang Iyong tawag at malaman na ito’y higit sa aming pag-aalinlangan.
- Diyos namin, umaasa kami na kumilos Ka sa amin at sa pamamagitan namin nang higit pa sa aming inaasahan. Narinig namin ang Iyong malinaw na tinig at kami’y desperado para sa Iyong kapangyarihan sa aming gitna. Isinasamo namin sa iyo, na baguhin mo ang aming bansa. Buhayin mo kami o Diyos, “ Hindi ng lakas, o kapangyarihan, Bagkus ng iyong Espiritu”.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Idineklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Northland. Ipanalangin ang proteksyon at pagpapahid ng Banal na Espiritu kay Ps Shaun Foster at iba pang pastor sa rehiyon. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, panustos at karunungan para sa lider ng lahing Fijian Ps Solo at Wati Stark. Idineklara ang doble-bahaging pagpapala sa lahat ng simbahan ng mga  Fijian at pagpapalaya ng Fijian na tagapagtanim ng mga simbahan. Panatilihin ang aming minamahal na Alphacrucis College, ipagkaloob ang biyaya at panustos sa kolehiyo. Hilingin sa Diyos na tawagin ang mga estudyante mula sa lahat ng henerasyon upang pag-aralan ang Banal na Kasulatan at kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Alphacrucis. Ipanalangin ang lumalaking lakas, lalim ng karunungan at pagtaas ng kaalaman sa pag-ibig ng Diyos para kay National Director Ps Leeana Kukutai at sa lahat ng staff ng Alphacrucis.






# Huwebes 9, Oktubre
# *Ika – Labin -Walong Araw*

**21 Muling sinabi ni Jesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung**
**paanong isinugo ako ng Ama, isinusugo ko rin kayo.” 22 Pagkatapos,**
**sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu**
**Santo. 23 Kung patatawarin ninyo ang mga kasalanan ninuman ay**
**pinatawad na ang mga iyon, subalit ang hindi ninyo patatawarin ay hindi**
**nga pinatawad.” Juan 20:21-23**

## Panalangin – Mga Punto:

- Ama, binubuksan namin ang aming puso upang patuloy na tanggapin ang Iyong hininga sa pananaw ng MM33. Salamat sa pagkakaisa at pagsang-ayon ng “Oo” ng mga lider ng Assemblies of God mula sa bawat kontinente. Salamat na ito’y para sa ganitong panahon.
- Panahon na sinadyang ilagay Mo kami bilang isang pandaigdigang kilusan sa mga lungsod, bayan, nayon at bansa upang baguhin ang mundo.
- Aming dalangin, na sa aming kilusan ng mga simbahan, ang Iyong pag-ibig ay patuloy na mag umapaw sa bawat lugar. Patuloy kaming lumago sa espirituwal na kaalaman at pang-unawa. Sa lupa ng aming patuloy na pagpapakumbaba, palaguin Mo kami sa pag-unawa sa kung ano ang tunay na mahalaga sa Iyo. Nawa’y mamuhay kami ng tapat, dalisay at walang kapintasan hanggang sa pagbabalik ni Cristo.
- Banal na Espiritu, Espiritu ng misyon at kapangyarihan, salamat sa katiyakan ng Iyong presensya sa bawat lugar na ipinapadala sa amin. Bigyan Mo kami ng bagong tapang upang matapang na ipahayag si Jesus at gumawa ng mga tanda na nagpapakilala sa kaharian.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Iangat sa Diyos ang lahat ng kabataan sa aming Kilusan. Idedeklara sa Aotearoa ang pag-angat ng walang takot na henerasyon. Isang hukbo ng kabataan na pinapaputok ng Banal na Espiritu at may pag-ibig kay Jesus na hindi susuko sa harap ng mga higante. Ipanalangin si Ps Jamie at Rebekah Chapman, hilingin ang lahat ng pagpapala mula sa itaas sa kanilang pamumuno sa Fearless movement. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa Cook Island ethnic leader at Tagapamahala ng Kaganapan na si Ps Ani at Reea Tangimataiti. Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng Cook Island churches at pagpapalaya ng Cook Island church-planters.


## Biyernes 10, Oktubre

# Ika - Labin- Siyam na Araw

“Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng pitumpu’t dalawa. Sila ay isinugo niya nang dala-dalawa sa bawat bayan at pook na pupuntahan niya. Sinabi niya sa kanila, “Napakarami ng aanihin ngunit kakaunti ang mga mag-aani. Idalangin ninyo sa may-ari ng aanihin na magpadala siya ng mga mag-aani. Humayo kayo!” Isinusugo ko kayong parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat. Huwag kayong magdala ng lalagyan ng pera, balutan, o sandalyas. Huwag na kayong tumigil upang bumati kaninuman sa daan. Pagpasok ninyo sa alinmang bahay, sabihin muna ninyo, ‘Maghari nawa ang kapayapaan sa bahay na ito!’ Kung maibigin sa kapayapaan ang nakatira roon, tatanggapin nila ang kapayapaan ninyo; ngunit kung hindi, babalik sa inyo ang inyong pagbasbas. Makituloy kayo sa bahay na iyon at huwag kayong magpapalipat-lipat ng tinutuluyan. Kainin ninyo at inumin ang anumang ihain sa inyo sapagkat ang manggagawa ay karapat-dapat tumanggap ng sahod. Pagpasok ninyo sa isang bayan at tinanggap kayo, kainin ninyo ang anumang ihain sa inyo. 9 Pagalingin ninyo ang mga maysakit doon at sabihin sa mga tagaroon, ‘Malapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos.’ Lucas 10:1-8

## Panalangin – Mga Punto:

- Panginoong Jesus, ipinapanalangin namin na ang Assemblies of God sa NZ ay gagawa lamang sa bukirin ng anihan ang ipinadala Mo sa amin. Idinedeklara namin ang pagpapalabas ng bagong hangin ng misyon sa aming mga simbahan. Kilalanin namin ang isa’t isa bilang mga manggagawang tinawag, itinalaga, at ipinadala.
- Aming Diyos, hangad naming magbunga sa bawat mabuting gawa at lumago sa aming kaalaman sa Iyo, ang Diyos ng misyon. Palakasin Mo kami sa lahat ng kapangyarihan ayon sa Iyong kaluwalhatian. Upang magkaroon kami ng matibay na pagtitiis, pasensya, at may kagalakang magpasalamat sa Iyo. Nagagalak kami na pinili Mo kaming maging mga manggagawa sa anihan na nakikibahagi sa mana ng mga banal sa kaharian ng liwanag. (Col.1)
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Iangat sa Diyos ang aming Chaplaincy Director Ps Peter Tate bilang tagapagtanggol sa mga lugar ng trabaho. Hilingin na pukawin ng Panginoon ang lahat sa aming Kilusan sa larangan ng misyon sa kanilang mga trabaho. Nawa’y maibahagi ang pangalan ni Jesus sa NZ sa mga smoko room at tabing tubig nang may biyaya. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa Korean ethnic leader na si Ps Ho Min Kim. Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng Korean churches at pagpapalaya ng Korean church-planters.







# Sabado 11, Oktubre
# *Ika – Dalawampung Araw*

**"Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng Dagat ng Galilea, nakita niya ang dalawang magkapatid, sina Simon na tinawag na Pedro at ang kanyang kapatid na si Andres. Naghahagis sila ng lambat sa dagat, sapagkat sila ay mangingisda. 'Sumunod kayo sa akin,' sabi ni Jesus, 'at gagawin ko kayong mamamangingisda ng tao.' At agad nilang iniwan ang kanilang lambat at sumunod sa Kanya." Mateo 4:18-20**

## Panalangin – Mga Punto:

- Panginoong Jesus, lumuluhod ako at nagpapasalamat sa Iyo sa pagtingin sa akin at pagsabi, "Sumunod ka sa akin at gagawin kitang mamamangingisda ng tao." Malugod kung sisabi "Oo, susunod ako, iiwan ko ang aking dating buhay, at hihingapin ko ang mga tao kasama Mo."
- Ama sa langit, ipadama ang espiritu ng pananalangin at malasakit sa aming kilusan upang hindi kami tumigil sa panalangin para sa bawat isa at matuklasan ang bukirin kung saan ipinadala Mo ang bawat isa. Na laging papatungan ng mga kamay sa isa't-isa at hilingin sa iyo na punuin kaming pagkakilala sa iyong kalooban sa pamamagitan ng espirituwal na karunungan at pang-unawa (Col.1:9).
- Ama, patawarin Mo ang aming kawalan ng panalangin at sariling pagpapasya sa nakaraan. Ipakita sa amin muli kung paano lumuhod sa Iyo, Ama, na pinagmulan ng buong pamilya sa langit at lupa. Bigyan Mo ang aming kilusan ng bagong biyaya upang ipanalangin ang isa't isa, at patuloy na ipanalangin: "Na sa kanyang kaluwalhatian, palakasin ka niya ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu sa iyong kaloob-looban, upang manahan si Cristo sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya." (Eph.3)
- Dalangin namin na ang Assemblies of God sa NZ ay maging nakaugat at itatag sa pag-ibig ng Diyos, na may kapangyarihan, kasama ang lahat ng mga banal sa buong mundo, upang maunawaan kung gaano kalawak, kahaba, kataas, at kalalim ang pag-ibig ni Cristo, at maranasan ang pag-ibig na lampas sa kaalaman, upang mapuno ng buong kabanalan ng Diyos.
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa Pambansang Kalihim at MM33 point person Ps Darren at Sharon Gammie. Magpasalamat sa serbisyo nina Ps Darren at ng National Office staff, Ani, Sarah, Edwina, at Angela. Hilingin ang biyaya, karunungan at lakas habang pinaglilingkuran nila kami sa mahalagang suporta at komunikasyon.




## Linggo 12, Oktubre

# *Ika – Dalawamput – isang na Araw*

**19 Pagkatapos magsalita ni Jesus sa kanila, iniakyat siya sa langit at
umupo sa kanan ng Dios. 20 Pumunta naman ang mga tagasunod
niya sa iba' t ibang lugar at nangaral. Tinulungan sila ng Panginoon at
pinatunayan niya ang ipinangangaral nila sa pamamagitan ng mga himala
na kanilang ginagawa. Marcos 16:19-20**

## Panalangin – Mga Punto:

- Panginoong Jesus, tinatanggap namin ang baton na ipinasa Mo sa amin. Nagagalak kami na sa ngayon ay inihahanda Mo ang aming lugar at patuloy na nananalangin para sa amin. Nilalapit namin sa Iyo ang panawagan, "Halika!" na may pag-asa at pananabik sa Iyong tagumpay at walang kapantay na paghahari.Hinihiling namin sa Iyo ang bagong lakas at tapang para sa mga gawaing inihanda Mo para sa amin mula pa sa simula ng mundo.
- Idinedeklara: "Ang impluwensya at bakas ng Assemblies of God sa NZ ay higit pang madodoble sa Aotearoa bago ang 2033, at ang aming kilusan ay magiging bukal ng pagpapala sa Aotearoa at sa ibang samahan."
- Lokal / Pambansa / Pandaigdigang misyon: Ipanalangin ang paggising ng pagkabuhay sa NZ, isang galaw ng Diyos na hindi pa naranasan. Nawa'y tanggapin ng simbahan sa Kiwi ang tungkulin na ibinigay ni Jesus… upang makagawa ng mga disipulo na handang ipadala sa kanilang komunidad at sa mga bansa. Ipanalangin ang pagpapala, tapang, probisyon at karunungan para sa Global Missions facilitator Ps Terry Bradley.
- "Lahat ng kaluwalhatian ay sa Diyos, na kayang iligtas kayo sa pagbagsak at dadalhin kayo na may kagalakan sa kanyang kaluwalhatian nang walang kapintasan. Lahat ng kaluwalhatian, kadakilaan, kapangyarihan, at awtoridad ay sa Kanya bago ang lahat ng panahon, sa kasalukuyan, at sa hinaharap! Amen."

*Kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ang aking mukha, at tumalikod sa kanilang mga masasamang lakad, aking diringgin mula sa langit, patatawarin ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin ko ang kanilang lupain."*

*2 Cronica 7:14*

## Mungkahing tugon:

Maraming salamat sa iyong pakikibahagi sa 21 Araw ng Panalangin.
Ang AGNZ Prayer Team ay nais marinig mula sa iyo. Maaari mong ipadala ang iyong mga pananaw, saloobin, at mungkahi sa email address na ito:
agnznationalprayer@gmail.com

## Suporta

Ang aming layunin ay itatag ang isang pamayanan ng pananalangin sa buong kilusan ng AGNZ at higit pa. Kung nais mong tumulong, ikalulugod naming tanggapin ang iyong mga panalangin at pinansyal na suporta.
Detalye ng Account: Pangalan: AGNZ Prayer Numero: 03-0196-0120003-001

## Website

Para sa karagdagang impormasyon at salin sa iba't ibang wika, bisitahin:
www.agnz.org/prayer-initiative